**LUNGSOD NG BOULDER CITY**

**TANONG NUM. 1**

¿Deberá la Ciudad de Boulder City gastar una cantidad total que no exceda los Nueve Millones de dólares ($9,000,000.00) de los fondos disponibles actualmente en el Fondo de Mejora de Capital que está financiado por las ganancias de la venta y el arrendamiento de predios de la Ciudad además de los Siete Millones de dólares ($7,000,000.00) previamente aprobados por los votantes en 2021 para un proyecto recreativo de piscinas?

Oo .......... ❏
Hindi ......... ❏

**PALIWANAG AT SUMARYO**

Sa Seksyon 142 ng Charter ng Boulder City, dinidirekta ang ilang porsyento ng nakakalap mula sa pagbebenta, pagpapaupa, at iba pang disposisyon ng lupang pag-aari ng Lungsod, kasama ang, nang walang limitasyon, mga pagpapaupa ng solar, na mailagay sa isang espesyal na pondo na tinatawag na Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay. Iniaatas sa Seksyon 143.1 ng Charter ng Boulder City na "ang lahat ng paggasta mula sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay ay maaprubahan ng mga simpleng karamihan ng boto mula sa mga rehistradong botante ng Lungsod sa isang panukalang iniharap sa kanila sa isang espesyal na halalan o pangkalahatang Munisipal na halalan o pangkalahatang halalan ng Estado." Pinapayagan ng NRS 268.730 ang Lungsod ng Boulder City na "magtamo, magpaganda, magbigay ng kagamitan, magpatakbo, at magpanatili" ng swimming pool na proyekto para sa paglilibang, pati ng lahat ng istruktura, kasangkapang pangkabit, kagamitan, at kasangkapan na nauugnay rito.

Noong 2021, inaprubahan ng mga botante ng Boulder City ang paggasta na hanggang Pitong Milyong Dolyar ($7,000,000.00) mula sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay para sa isang proyekto para sa paglilibang na may swimming pool na, noong panahong iyon, tinatayang nagkakahalaga ng $27 Milyong Dolyar ($27,000,000.00). Dahil sa pagtaas ng gastusin sa konstruksyon, ang swimming pool na proyekto para sa paglilibang ay tinatayang nagkakahalaga na ngayon ng $36 Milyong Dolyar ($36,000,000.00). Hinihiling ng panukalang ito na aprubahan ng mga botante ang paggasta ng karagdagang halaga na hindi hihigit sa Siyam na Milyong Dolyar ($9,000,000.00) mula sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay para sa isang swimming pool na proyekto para sa paglilibang. Magagamit ang pondong ito, sa kasalukuyan, sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay. Aalisin ng panukalang ito ang puwang na kinakailangan para sa pagpopondo ng swimming pool na proyekto para sa paglilibang. Magbibigay-daan ang panukala sa Boulder City na gastusin ang pampublikong pondo ng Boulder City. Ang panukalang ito ay hindi nagpapanukalang magdagdag sa, baguhin o ipawalang-bisa ang isang umiiral nang batas, at hindi magpapataas sa mga buwis o bayarin.

Sa pagboto ng “OO,” papayagan ang Lungsod ng Boulder City na gastusin ang magagamit na pondo sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay na nagkakahalaga ng hanggang Siyam na Milyong Dolyar ($9,000,000.00) na karagdagan pa sa Pitong Milyong Dolyar ($7,000,000.00) na dati nang naaprubahan ng mga botante noong 2021 para sa isang swimming pool na proyekto para sa paglilibang.

Sa pagboto ng “HINDI,” hindi papayagan ang Lungsod ng Boulder City na gumastos ng karagdagang Siyam na Milyong Dolyar ($9,000,000.00) ng magagamit na pondo sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay para sa pagpopondo ng swimming pool na proyekto para sa paglilibang.

## ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Sa nakalipas na 44 na taon, ang Pool na Pasilidad ng Boulder City ay isang amenity sa komunidad na ginagamit ng libu-libong residente at bisita. Isa itong pambuong-taong panlibangang pasilidad na nag-aalok ng iba’t ibang programa at serbisyo para sa lahat ng edad, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda, at mula sa nagsisimulang swimmer hanggang sa naghahangad maging atleta sa Olympics. Sa mga buwan ng tag-init, nagsilbi ang pool sa komunidad na oasis, na nagbibigay ng mga oportunidad sa paglilibang sa kabila ng napakatinding init ng Mojave Desert.

Ang paglangoy ang pang-apat na pinakasikat na sport sa USA at itinuturing ng maraming tao bilang kinakailangang kasanayan sa buhay. Para sa iba, kadalasan ay isa itong introduksyon sa pag-eehersisyo at sa mga benepisyo ng pamumuhay na malayo sa sakit. Mahalaga ang papel ng Pool ng Boulder City sa pagpapaigting sa kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng iba’t ibang inisyatiba. Kasama rito ang mga swim lesson at pangkalahatang kurso sa kaligtasan sa tubig na nagpapabatid sa mga indibidwal ng mahahalagang kasanayan sa pagsagip ng buhay para kumpiyansang makapaglangoy sa mga pool o sa mapanghamong katubigan na malapit sa Lake Mead National Recreation Area.

Bilang tahanan ng Mataas na Paaralan ng Boulder City at ng mga Boulder City Heatwave Swim Team, lubos na naipagmamalaki ng Pool ng Boulder City ang mga championship ng team, indibidwal na titulo, scholarship, at award na nagbubuklod sa komunidad. Mas naisusulong ang inclusion at accessibility sa pool para sa lahat sa mga partnership sa mga programa ng insurance sa nakatatanda, reimbursent sa grant para sa mga swim lesson para sa toddler, at subsidiya na pinansyal na tulong sa pamilya.

Bagama’t naibalik na ang proyektong pool mula sa orihinal nitong konsepto, itinatampok pa rin ng kasalukuyang disenyo ang mga pinakagustong amenity kasama ng pambatang wading pool, therapy/ warming pool na may 4 na lane, at isang 25-meter x 25YD na pangkumpetisyong pool. Nakakasunod ang ipinapanukalang bagong pasilidad sa Batay sa Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA), at nakakatugon ang pangkumpetisyong pool sa lahat ng kinakailangan ng USA Swimming (USA-S), na nagbibigay-daan sa Lungsod na mag-host ng mga swim meet. Inaasahang magdadala ang kumpetisyong ito ng mas maraming bisita sa bayan, at higit pang negosyo sa mga lokal na may-ari ng negosyo.

Ang kahilingang ito sa pondo ay para sa halagang hanggang $9 na Milyon mula sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay. Kung maaaprubahan, itatabi ang pondong ito para sa pool sa FY 2025, na mag-iiwan ng balanseng $8.1 Milyon para sa iba pang mahalagang proyekto. Kapag natapos na ang konstruksyon ng pool, ang anumang hindi magagastos na halaga mula sa kahilingan ay magagamit din para sa iba pang mahalagang proyekto.

Sa pagboto ng "OO" para aprubahan ang kahilingang ito sa pagpopondo, masisimulan ang konstruksyon ng bagong pool na proyekto, na isang mahalagang kapital sa pangangalaga sa kalusugan at kapakanan ng mga residente ng Boulder City.

(Iniharap ng Komite sa Tanong sa Balota ayon sa nakasaad para sa NRS 295.217)

## ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Bumoto ng Hindi sa Tanong 1 at tanggihan ang mga hinihiling na halaga. Paano mo malalaman kung dapat aprubahan ang paggasta ng milyun-milyong dolyar para sa isang munisipal na pool na proyekto kapag kinakailangan ng higit pang paliwanag? Nang aprubahan ng Alkalde at ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod na ipadala ang tanong na ito sa mga botante, hindi ganap na naipaliwanag ang saklaw ng proyekto. Iba iyon sa pagtalakay lang sa usapin sa nakalipas na ilang buwan. Isinaad sa mga pahayag na inflation ang dahilan ng tinatayang 80% pagtaas sa gastusin. Hindi matutukoy ang mga gastusin nang walang malinaw na ideya sa gagawin. Hindi mabuting pamamalakad ang panlilinlang sa mga botante.

Ilang taon nang tinatalakay ang proyektong ito, at puwedeng naaangkop ito kung tama ang laki nito para sa komunidad. Pero may mga tinanggihan na ang mga botante na katulad na tanong sa balota nang hilingin ng Lungsod na magtayo ng magarbong proyekto sa nakaraan, at ulitin ito. Ang huling beses na tinanggihan ng mga botante ang pagpopondo sa proyekto ay nang may ibang plano na naaprubahan ang mga miyembro ng Konseho ng Lungsod noong 2019. Nagmungkahi ng proyektong may naaangkop na laki noong 2021, at naaprubahan ang isang tanong sa balota na humihiling ng $7 Milyon. Dapat ba nating pagkatiwalaan ang mga kasalukuyang rekomendasyon na hindi malinaw na nagpapakita na mainam na paggamit ng dolyar na buwis ang pinaplanong proyekto?

Ang malaking porsyento ng pondo ng proyekto ay inaasahang magmumula sa pagbebenta ng lupa sa paligid ng Boulder Creek Golf Course. Sa mga nakalipas na taon, inaasahang magpapasok ang pagbebenta ng lupang iyon ng hanggang $29.2 milyong dolyar. Naibenta ang lupa kamakailan sa halagang $21.1 milyong dolyar. Gayunpaman, sinasabi sa atin na inflation ang nagdulot sa hindi kapani-paniwalang pagtaas sa gastusin sa konstruksyon. O iyon ba ang dahilan kung bakit kailangan ngayon ng dagdag na $9 na milyong dolyar.

Ang nakaraang Konseho ng Lungsod ay may pinagtibay na plano para sa isang proyektong magdaragdag ng multi-use room at pool na may apat na lane para bigyang-daan ang mga programa sa mga nakatatanda at bata, sa halagang kalahati ng hinihingi sa ngayon. $7 Milyon ang inaprubahan ng mga botante noon. Kahit ngayon, wala pa sa kalahati ng iminumungkahi

ngayon ng Konseho ng Lungsod ang hinihingi ng mga empleyado ng Lungsod. Papaniwalain tayo ng Konseho ng Lungsod na inflation ang may sala. Mataas ang inflation pero mistulang ang totoong problema sa proyektong ito ay ang hindi maiinam na pasya ng Konseho. Huwag bigyan ng reward ang hindi maiinam na pasya. Mag-demand ng responsibilidad. Bumoto ng hindi sa kahilingang ito.

(Iniharap ng Komite sa Tanong sa Balota ayon sa nakasaad para sa NRS 295.217)

## SAGOT SA ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Tungkol sa pera ang tanong na ito sa balota. Perang malawakang gagamitin para sa kapakinabangan ng mga residente ng Boulder City. Ang paglalangoy, pangkabataang sports, at programa ng kalusugan para sa mga nakatatanda ay dati nang kinilala ng mayorya ng mga botante bilang may kabuluhang proyekto sa komunidad. Pero kapag lang makatuwiran ang halaga nito.

Inihaharap ang tanong na ito nang hindi binibigyan ng katwiran ang pangangailangan sa hinihiling na $9 na Milyon. Humiling ang staff ng Pananalapi ng Lungsod ng dagdag na $4 na Milyon pero bumoto ang Konseho ng Lungsod ng mahigit sa doble ng halaga nang walang sinasabing partikular na dahilan para sa dagdag na milyun-milyong dolyar sa Lungsod.

Huwag magpaloko sa mga hindi sinusuportahang dokumento na magiging available ang hindi magagastos na pondo para sa iba pang proyekto. Sa isang pool complex lang magagastos ang $9 na Milyong hinihiling ngayon. Ang mangyayari ay gagastusin ang $9 na Milyon sa pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay at mapupunta ang iba pang pondong nabadyet na para sa proyekto sa kamay ng Konseho ng Lungsod, na gagastusin ayon sa batas ng estado at Kodigo ng Lungsod.

Ito na ang pagkakataon mong mag-demand ng responsibilidad sa paggastos ng pera. Bumoto ng hindi sa tanong na ito.

(Iniharap ng Komite sa Tanong sa Balota ayon sa nakasaad para sa NRS 295.217)

## SAGOT SA ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang saklaw at disenyo ng Pool na Proyekto ay tinukoy ng Ad Hoc Pool Committee na itinalaga ng nakaraang Mayor at Konseho ng Lungsod, at naaprubahan ng mga botante ang pondo noong 2021. Wala nang ginawang pagbabago sa disenyo mula noon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa konstruksyon at pondo, bumisita sa http://www.bcnv.org/802/New-Pool-Project---2024.

Sa na-update na pagtataya sa halaga ng gastusin para sa 2023, 39% ang pagtaas sa gastusin sa konstruksyon (na naaayons a mga trend sa industriya) at may dagdag na $10.2 Milyon para sa inaasahang inflation at mga anumang maaaring mangyari para sa konstruksyon.

Nagresulta ito sa $4 na Milyong gap sa pondo.  Iniatas ng Konseho ng Lungsod ang mahigpit na pamamahala sa gastusin hanggang sa wakas ng konstruksyon na may warrant na $5 pang Milyon para sagutin ang mga isyu sa hinaharap, kaya aabot ang kabuuan ng pondo sa $9 na Milyon.

Kung bubuti ang ekonomiya hanggang sa underbudget ang mga gastusin sa konstruksyon, at babagal ang inflation, at kung mas kaunti kaysa sa inaasahan ang mga contingency, posibleng walang magastos sa hinihiling na $9 na Milyon.  Ang hindi magagastos na pondo ay magagamit para sa iba pang Proyekto sa Mahahalagang Pagpapahusay na maaaprubahan ng mga botante.

Magkakaroon ang Boulder City ng bagong pasilidad na pool sa hinaharap batay sa pondong naaprubahan ng botante noong 2021.  Sa pagboto ng OO ngayon, tiyak na makakapagbigay ang Lungsod ng amenity sa komunidad na all-inclusive at mas mahusay na makakatugon sa mga pangangailangan ng mga residente nito.

(Iniharap ng Komite sa Tanong sa Balota ayon sa nakasaad para sa NRS 295.217)

## EPEKTO SA PANANALAPI

Puwede itong makaapekto sa Pondo sa Mahahalagang Pagpapahusay na nagkakahalaga ng hanggang Siyam na Milyong Dolyar ($9,000,000.00).  Hindi kinakailangan sa usaping ito ng gastusin kung saan kakailanganing magpataw ng bagong buwis o bayad, o taasan ang isang dati nang buwis o bayad.